# Folklore NG St. Bernard: Pagbuo NG Culture-Based Instructional Material

## *(Folklore Of St. Bernard: Development Of Culture-Based Instructional Material)*

**Jerico S. Sombol, MAED**
Teacher III
New Guinsaugon National High School
Saint Bernard, Southern Leyte, Philippines

***Abstract-*** Finding the civilizations represented in the folklore of the town of St. Bernard is the aim of this research. The descriptive narrative method was applied in this study together with the qualitative method. The instrument employed was folklore that was collected from the participants. Participants were drawn from many barangays in St. Bernard who were 60 years of age or older. The folklore of the towns of St. Bernard is abundant and includes tales, poems, songs, and legends. It was found that there are four cultural values contained in twenty-four (24) legends. These include moral, social, religious, and spiritual values as well as economic ones. It was found that there are three (3) cultural values among the fourteen (14) myths. It has moral, spiritual, and social values. There are three moral values that are prevalent throughout all eleven stories: spiritual, moral, and economic values. Additionally, two prominent cultural ideals are expressed in five songs and two poetry. This is the moral and spiritual values. A set of culturally-based instructional materials featuring folklore and DHLTM of Saint Bernard was created. The cultural ideals that are reflected in the folklore of St. Bernard are a reflection of the people who lived there and served as the towns' identity in daily life. It has been proposed that, in order to maintain their unique identity, the local government and the head of the department of education work together to compile local literature.

***Keywords— cultural values, economic, moral, social, spiritual***

**Abstrak**

Layunin ng pag-aaral na ito ay makilala ang mga kulturang napapaloob sa mga *folklore* ng bayan ng St. Bernard. Ginamit sa pag-aaral na ito ang kwalitatibong metodo sa paraang deskriptibong pagsasalaysay (*descriptive narrative*). Mga *folklore* na nakuha mula sa mga kalahok ang instrumentong ginamit. Mga kalahok na may edad 50 pataas ang kinuha na mula sa iba't ibang barangay ng St. Bernard. Natuklasan na ang mga bayan ng St. Bernard ay mayaman sa mga *folklore* tulad ng alamat, mito, kwento-kwento, balak at awit. Sa dalawamput apat (24) na alamat natuklasan na may apat na pagpapahalagang kultura ang napapaloob. Ito ay ang *pagpapahalagang panlipunan*, *pagpapahalagang panrelihiyon/ispiritwal*, *pagpapahalagang moral* at *pagpapahalagang ekonomikal.* Sa labing-apat (14) na mito natuklasan na may tatlong (3) pagpapahalagang kultural. Ito ay *pagpapahalagang panlipunan, pagpapahalagang ispiritwal* at *pagpapahalagang moral.* Sa labing-isang (11) kwento-kwento tatlong pagpapahalagang moral ang nangingibabaw, ito ay ang *pagpapahalagang ispiritwal, pagpapahalagang moral* at *pagpapahalagang ekonomiya*. At sa dalawang (2) balak at limang (5) awit dalawang nangingibabaw na pagpapahalagang kultural. Ito ay ang *pagpapahalagang ispiritwal* at *pagpapahalagang moral.* Isang Kalipunan ng mga *Folklore* at DHLTM ng Saint Bernard na may *Culture-Based Instructional Materials* ang nabuong awtput. Ang mga *folklore* ng St. Bernard ay napapalooban ng mga pagpapahalagang kultural na sumasalamin sa pagkatao ng taga-St. Bernard na nanatiling buhay sa kanilang karanasan sa pang-araw-araw na nagsisilbing kaakuhan ng mga bayan nito. Iminungkahi na ang namumuno ng departamento ng edukasyon kasama ang lokal na pamahalaan ng mga hakbangin na malikom ang mga lokal na panitikan upang maipreserba ang sariling pagkakilanlan.

**MGA SUSING SALITA:**

*pagpapahalagang ekonomikal*, *kultural*, *moral*, *panrelihiyon/ispiritwal*, *moral*

**Introduction**

*"Our cultures are being reduced little by little to nothing. These technologies have no passport and no visa, but they are affecting us and shaping us."*- **Joseph Ki-Zerbo**

Ang pambansang kalinangan sa kultura ng lahi ay isang makapangyarihang daluyan sa pagsisid sa identidad ng nilalang sa kanyang bayan. Ang paghahari ng teknolohiya sa buhay ng tao ay binago rin ang pagpapahalaga ng kinagisnang kultura. Kaya, binigyan-diin ng K to 12 kurikulum ang

kontekstwalisasyon at lokalisasyon na ipasyal ang mga mag-aaral sa kanilang sariling lugar gamit ang sariling panitikan. Isa itong magandang hangarin upang maipreserba ang sariling panitikan, at higit sa lahat, makilala ng mga mag-aaral ang natatanging panitikan at sa kulturang mayroon ang kanilang bayan.

Ito ang dahilan kung bakit nahikayat ang mananaliksik na pag-aralan ang kultura ng mga lokal na akdang pampanitikan tulad ng alamat, mito, kwento-kwento, balak at awit upang maipreserba ang mga panitikan na unti-unti ng nailibing sa limot ng mga kabataan. Higit sa lahat, makilala ng mga mag-aaral ang sariling panitikan at ang nilalaman nito. Sinikap ng mananaliksik na ang pag-aaral na ito ay makabuluhan sa paaralang tinuturuan at sa buong bayan ng St. Bernard. Naniniwala ang mananaliksik na ang awtput ng pananaliksik na ito ay magsisilbing tugon sa mga suliranin ng mga guro sa kawalan ng sapat ng mga kagamitang panturo na napapalooban ng mga lokal na panitikan. Ang kagamitang panturo na ito ay magagamit bilang gabay sa pagtuturo lalo na kapag ang layunin ng guro ay ang integrasyon ng kultura sa paksa.

Ang kultural na pagdalumat sa iba't ibang aspekto ay isang masalimuot na paglalantad sa kabuuang uri ng buhay ng tao (Amtalao at Demeterio, 2019). Ang pagsusuri ng sariling kultura gamit ang sariling panitikan ay isang masikot na proseso na nangangailangan ng maingat na paglalahad nang may pagsasaalang-alang sa kasaysayan at masusing paghahabi-habi ng mga tala mula sa mga balidong impormasyon ng bawat indibidwal. Ang makulay at masaganang kultura ng mga taga-St. Bernard ay ang nagbunsod sa mananaliksik na gumawa ng pag-aaral na ito na hangaring makilala ng mga mag-aaral ang kayamanang mayroon ang St. Bernard.

Ayon kay Jiang (2017), ang mga akda ay itinuturing na isang kasaysayan na naglalarawan sa mga kultura at tradisyon ng isang lahi. Ang kultural na paghuhukay sa sariling panitikan ay isang lunsaran sa pagpapalawak ng kaalaman sa masikot at masalimuot na tradisyon ng isang partikular na bansa. Nagsisilbi itong batayan ng ilan sa mga pagpapahalaga, pilosopiya, at pananaw na maaaring magamit sa paglalantad sa identidad ng isang tao (Amtalao at Demeterio 2019). Ayon din kay Bantilo (2019), noong unang panahon ang pasalindilang panitikan ay may malaking ginagampanan sa buhay ng tao dahil magsisilbi itong libangan. Pinag-isa ng popleriko ang pamilya at ang mga tao noong unang panahon. Ang mga akdang ito ay naglalarawan kung anong uring kultura at paano namumuhay ang mga tao noong unang panahon.

Kasabay ng pag-unlad, ang mga pasalitang panitikan gaya ng mga kwentong bayan kung hindi man papaksain ng isang interesadong mananaliksik, hindi mabibigyan nang karampatang pagkilala sa buong kapuluan na may mga nakatagong kwento at kulturang umiiral sa kasalukuyan, bunga nito'y unti-unti na ring maglalaho sa pagdaan ng panahon. Kasabay ng paglahong ito, ang yaman ng kanilang tradisyon o kultura na kung hindi maidodokumento o hindi mabibigyan nang masusing pag-aaral, mawawalan din ng saysay ang orihinal na pinagmulan ng mga katangi-tanging kwentong ito. Hangarin ng pag-aaral na ito na maipresenta ang ilang mga kulturang makikita ng St. Bernard sa pamamagitan ng pagsusuri. At higit sa lahat, tinangka ng pag-aaral na sa pamamagitan ng inisyal na hakbang na ito, mabigyan ng pagkakataon na maitala ang mga kwento na hanggang sa kasalukuyan ay wala pang limbag na salin sa wikang Filipino o wikang bernakular na magbibigay daan upang mas lalong mapahalagahan ang yaman ng panitikan at kalinangan ng partikular na lahi.

Umaasa ang mananaliksik na sa pamamagitan ng pananaliksik na ito makilala ng mga taga-St. Bernard ang kultura at mga kaugalian ng mga kanunuuan. Sinikap ng mananaliksik na ang magiging resulta ng pananaliksik na ito ay maging kapaki-pakinabang sa paaralang kanyang tinuturuan at magagamit din sa ibang paaralan bilang suplementaryong kagamitan sa pagtuturo. Medyur na layunin ng pag-aaral na ito na ang nabuong awtput ay upang hindi mahihirapan ang mga guro na maikontekstwalisado at mailokalisado ang panitikan ng St. Bernard.

## RESEARCH OBJECTIVES

Layunin ng pag-aaral na ito ay masuri ang mga *folklore* at ang mga kulturang mga napapaloob ng St. Bernard upang makadesinyo ng isang Culture-Based Instructional Materials.

Kinilala sa pag-aaral na ito ang mga pagpapahalagang kultura na napapaloob sa mga *folklore* ng St. Bernard, Southern Leyte, Philippines.

## RESEARCH METHODOLOGY

Ginamit sa pag-aaral na ito ang kwalitatibong metodo sa paraang deskriptibong pagsasalaysay (*descriptive narrative*). Ang naratibong pamamaraan ay hanguan sa mga sanggunian, isang paraan ng pagninilay sa buong proseso ng pagtatanong, pamamaraan sa pagsasaliksik, at paraan na kumakatawan sa pag-aaral ng pananaliksik. Ang mga kalahok na kinuha ng mananaliksik ay mula sa iba't ibang kategorya. Mula sa *upland, lowland* at *coastal*. Kumuha ang mananaliksik ng tiglabinlimang kalahok sa bawat kategorya. Apatnaput limang (45) kabuuan ang naging kalahok ng pag-aaral na ito. Mga kalahok na may edad 60 pataas ang kinapanayam at likas na nakatira sa mismong lugar. Mula sa bayan ng St. Bernard, Southern Leyte, Philippines ang mga kalahok ng pag-aaral na ito.

Ang ginawang instrumento para sa pag-aaral na ito ay ang mga nakuhang *folklore* tulad ng kwentong bayan, mga awitin at tula. Lahat ng nakuhang *folklore* ay ikinonsidera bilang bahagi ng datos ng pag-aaral na mula sa nakuha ng mananaliksik sa mga kalahok. Isang *guide questions* o talatanungan ang instrumentong ginamit ng mananaliksik sa pagkalap ng mga *folklore*. Ang katanungang inihanda ay gawaing impormal na

nakapokus sa kanilang pang-araw-araw na pamumuhay at mga *folklore* na nalaman o naalala sa kanilang bayan. Ginamit din ng manaliksik ang *field notes* at *video recorder* sa pagsagawa ng panayam. Sa pagsusuri ng datos kumuha ang mananaliksik ng tatlong gurong nakatapos MAT o MAED na siyang sumuri. Pagkatapos payagan ng *thesis committee* ang pag-aaral na ito unang pinuntahan ng mananaliksik ang alkalde ng bayan upang ipaliwanag ang gagawing pag-aaral at humingi ng pahintulot. Pagkatapos iniisa-isang pinuntahan ng mananaliksik ang mga punong barangay sa mga barangay na pinili. Sa pagpili ng mga kalahok kumuha ang mananaliksik ng *key informat* upang sila ang magbigay ideya kung sino ang gagawing kalahok. Sa interbyu ipinaliwanag muna ng mananaliksik sa mga kalahok ang layunin ng kanyang interbyu. Humingi ang mananaliksik sa mga bakanteng oras ng mga kalahok para sa gawing interbyu. Ginamit ng manaliksik ang *field notes* at *video recorder* at ipinangako ng mananaliksik sa mga kalahok na ipanatili ang *privacy act law*. Gumawa rin ng *Focus Group Discussion (FGD)* bilang paraan ng paglikom ng datos mula sa isang sadyang napiling pangkat ng mga indibidwal. Kumuha ang mananaliksik ng tatlong gurong nakatapos MAT o MAED na siyang susuri.

Pagkatapos makuha lahat na *folktales*, gumawa ng *thematic analysis*. Sa pagsusuri ginawa ang mga sumusunod na hakbang: Una, ang mananaliksik muna ang sumuri sa lahat na mga kwentong bayang nakalap. Sa hakbang na ito *open coding* ang pagsusuri. Sunod namang ginawa ang *axial coding* at *selective coding* sa tulong ng piling indibidwal. Tinalakay at pinag-usapan ng mananaliksik at mga *evaluators* ang mga temang lumabas at anong aspeto ng kultura ang napaloob sa bawat tema. Pagkatapos makuha ang mga tema sa mga kulturang napaloob sa mga kwentong bayan iniinterpreta ng mananaliksik ang mga kulturang napapaloob sa mga kwentong bayan. Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng *coding* upang pag-aralan ang mga datos at makuha ang nais na resulta. Ang *coding* ay ang proseso ng pagkilala ng isang teksto at pagkilala ng mga konsepto at paghanap ng mga ugnayan sa pagitan ng mga datos. Ayon kina Strauss at Corbin (1990), may tatlong pamamaraan sa *coding: open, axial* at *selective coding* ang paraang ginamit ng pagsusuri sa mga datos. Ang paraang ito ang ginamit sa pagsusuri ng mga kulturang nangingibabaw sa mga panitikang sinuri. Ang *open coding* ay ang unang hakbang sa pagtatasa ng mga datos ng pag-aaral na madalas na ginamit bilang paunang *coding*. Sa *open coding*, nagsimula ang pangolekta ng datos mula sa mga kalahok ng pananaliksik. Pagkatapos ay pinaghiwalay ang mga datos na *discrete* na bahagi at lumikha ng mga *code* upang lagyan ng label ang mga ito. Ang *axial coding* ay isang paraan sa pagsasaliksik na nagsasangkot ng pagkakaugnay ng mga datos nang magkasama upang maihayag ang mga *code*, kategorya, at subkategorya na nasa base sa nakolektang datos sa mga kalahok. Sa madaling salita, ang *axial coding* ay isang paraan upang makabuo ng mga ugnayan sa pagitan ng mga datos. Ang *selective coding* ay ang huling hakbang kung saan ikinonekta ang lahat ng mga kategorya nang magkasama sa isang pangunahing kategorya. Sa paggawa nito natutukoy ang isang pinag-isang tema sa paligid ng pagsasaliksik (Strauss at Cobin 1990).

## THE FORMULATION AND DISCUSSION

### Pagpapahalagang Kultura na Napapaloob sa mga *Folklore* ng St. Bernard

Sa bahaging ito inilarawan sa bawat *foklore* na nakalap ang mga nakapaloob na kultura. Inilahad dito ang mga pagpapahalagang kultural ang nakikita sa alamat, mito, kwento-kwento, balak at awit.

Sa lahat ng nakalap na datos apat na pagpapahalagang kultural ang nangingibabaw sa mga panitikan na nakuha sa St. Bernard. Ang pagpapahalagang panlipunan, pagpapahalagang panrelihiyon/ispiritwal, pagpapahalagang moral, at pagpapahalagang ekonomikal.

### *Pagpapahalagang Panlipunan*

Ang mga pagpapahalagang panlipunan ay tumutukoy sa pakikitungo ng bawat isa sa kanya at sa bansang kanyang kinabibilangan. Ito rin ay ang mga pagpapahalaga ng mga halagang kinikilala bilang bahagi ng pag-uugali sa lipunan ano ang inaasahan sa mga tao na bahagi ng isang pamayanan.

Sa resultang ito nakikitaan na ang alamat ng Hindag-an ay nagpapakita ng *pagpapahalagang panlipunan*. Batay sa pagsusuri ipinakita sa alamat na ito ang pagpapahalaga ng mga tao sa mga taong may malaking naiambag sa lipunan tulad halimbawa sa pahayag na *Milabay ang mga pila katuig namatay si Hilig ug wa napapas sa panumduman sa mga Hindag-an ang ijang ngan tungod sa ijang gibuhat sa lugar*. Ipinakita rito ang pagmamalasakit ng isang tao sa lipunang kanyang ginagalawan at pagpapahalaga ng mga tao sa isang tao na may malaking pakinabang sa pagbuo at pag-unlad ng lipunang kanilang kinabibilangan. Ganoon din ang pahayag sa alamat ng Tambis 1 sa talata 3 pangungusap 3 na nagpapakita na ang mga taga-Tambis 1 ng St. Bernard ay nagpapahalaga sa pagkikipaghalubilo sa kanilang kapwa pinatunayan ito sa pahayag na *"sentro sa kalingawan og pagsimba sa mga tawo".* Ayon kay Nhung (2016), ang mga pagtitipon (social gathering) ay isang paraan na mapatibay ang samahan ng bawat kasapi sa isang lipunan. Dito malilinang ang mga pagpapahalagang moral dahil unti-unti ng mapamahal ng bawat miyembro ang kanilang kapwa at higit sa lahat sa lipunan kanilang kinabibilangan. Masasabing ang mga pagpapahalagang panlipunan ay may layunin na makamit at mapanatili ang balanse sa pag-uugali ng mga indibidwal**.** Gayunpaman, ang mga halaga ay maaaring makabuo ng mga *counter values* mula sa kanilang pakikilahok at pakikialam sa mga sibikong gawain.

Sa mito na *Haring Kanabag ug si Haring Kantatok* ipinahayag sa talata 1 at pangungusap 1 na may dalawang haring namumuno sa isang lugar.

Ipinakita sa mitong ito na ang kasalukuyang kaugalian o sistema ng Southern Leyte na pipili ang bawat barangay, bayan, distrito at probinsiya na lider o namumuno ay dati pa itong sistema na nasunod na nasunod ng Southern Leyteňo sa kanunuuan.

Nang tinanong ng mananaliksik ang mga kalahok kung ano ang kanilang maipagmamalaki sa kanilang bayan iilan sa mga kalahok ang nagsabing *usa nahung ipasigarbo sa amung lugar ang maaju namung kapitan kay tungod nija naaligri ug nagmauswagon pag-aju ang amung baryo (Isa sa aking maipagmamalaki ay ang aming kapitan dahil sa kanya naging masaya at maunlad ang aming lugar).* Ipinakita rito na pinahahalagahan ng kalahok ang nagawa ng namumuno sa kanilang lugar. Nagpapahiwatig lamang na ang pagpapahalagang panlipunan ay maituturing kultura ng isang lugar na dapat pahalagahan. Ang paraan ng pagpapahalaga ay sa pamamagitan na magiging aktibo sa mga sibikong gawain sa lipunan. Kultura ng mga Pilipino lalo na sa St. Bernard na aktibong makikilahok sa mga gawaing makatutulong sa pagpapaunlad ng bayan. Kung hindi makatutulong sa mga pisikal na gawain tulad paglilinis, paglagay ng mga palamuti lalo na kapag paparating ang pista, at iba pang gawain ang iba ay magbigay ng suportang pinansiyal sa mga kakailanganin sa pagpapaganda ng isang lugar.

***Pagpapahalagang Panrelihiyon/Ispiritwal***

Ang pagpapahalagang ispiritwal ay tumutukoy sa sukdulan ng mga pinaniniwalaan ng tao. Kaugnay ito sa relihiyon o paniniwala ng tao maging yaong mga hindi maipaliwanag ngunit patuloy na pinaniniwalaan bilang bahagi ng realidad sa mundo. Ayon kay Borong (2021), magkaiba man ang mga paniniwala ng mga Leyteňo pagdating sa relihiyon pero lahat naman ay naniniwalang ang simbahan ay makapangyarihan at ginagabayan ang tao na kumikilos na naaayon sa kagustuhan ng Panginoon at sa lipunang ginagalawan. Sa kabilang banda, ang pagpapahalagang ispiritwal ay tumutukoy rin sa mga ispiritwal na gawain at paniniwala ng mga tao na itinuturing na mahalaga sa buhay ng tao.

Marami sa mga alamat ng St. Bernard ay napapalooban ng pagpapahalagang panrelihiyon/ispiritwal. Natuklasan na sa pagpapahalagang ito ay sakop dito ang *kasal, pista, debosyon sa mga santo, pagrorosaryo, ritwal* at *paniniwala sa mga engkanto.*

*Kasal*

Ang *kasal* ay ang nagkasundong puso, diwa, at isipan na ginagawad at ipinagdiriwang bilang simbolo ng pagpapahayag sa lipunan o komunidad ng *pag-iisang-dibdib* ng dalawang nag-iibigan. Pinatunayan ito sa mga pahayag na mula sa iba't ibang alamat. Tulad sa alamat ng **Bantawon** ipinahayag na "*Kung magkasabot ang duha ka hinigugma magpakasal sila atubangan sa pari". (*Kung magkasundo ang dalawang nagmamahalan sila ay magpakasal sa harap ng pari). Sa alamat ng **Libas,** "*Sa panahon nga maminju ang laki kaniadto muagi sila sa nagkalain-lain ug proseso sama sa panuhod (mananghid ang laki sa ginikanan sa baje na ijang pakaslan ang ilang anak).*

Ipinakita na sa bayan ng St. Bernard ang kasal ay isa mga tradisyon na kinakailangan daanan ng dalawang nagmamahalan. Ayon sa mga kinapanayam hindi pinayagan ang dalawang nagmamahalan na magsama na hindi haharap sa dambana. Idinagdag pa ng mga kalahok na isang malaking karangalan ng isang babae at pamilya na kapag sila ay ikakasal sa simbahan. Ibinahagi ng isa sa mga kalahok ng Magatas na kultura at kaugalian ng ikakasal noon na dadaan ng isang proseso o hakbang. Ang mga hakbang na ito ay maingat na sinunod ng dalawang nagmamahalan lalo na sa lalaki at sa pamilya nito. Ang mga sumusunod ay ang mga hakbang kapag ikakasal ang magnobya

Tradisyon ng mga taga-St. Bernard na magsimula sa *panuhod* kung saan pagkatapos magkasundo ang dalawang nag-iibigan haharap ang lalaki sa mga magulang ng babae upang ipaalam na dalhin ang kanyang mga magulang sa bahay nila para mamanhikan. Sa bahaging ito hihintayin ng lalaki ang pagpayag ng mga magulang ng babae dahil kapag hindi siya pinayagan walang pamanhikan ang mangyari. Pangalawa ang *pamanhikan*, kung saan maghaharap sa isang piging o munting salu-salo ang pamilya ng lalaki at babaeng nagnanais na makasal. Kultura ng taga- St. Bernard na hindi lamang ang mga magulang ng lalaki ang mamanhikan, isasama rin ang kapatid ng ama o kaya'y kapatid ng ina. Sa pamilya ng babae, iimbitahan din ang mga kapatid ng ina at ama sa kanilang bahay upang maging saksi sa pag-uusapan. Sa hakbang na ito magdala ng pagkain ang pamilya ng lalaki (*lakin-an)* ng pagkain sa salu-salong kakain ang dalawang pamilya. Sa bahaging ito pinag-usapan at pinagkasunduan ang mga detalye ng magaganap na kasalan. Mahusay na pagplanuhan ng magkabilang panig kung kailan at saan gaganapin ang kasalan at ang mga hangganan ng mga gastusin ng bawat pamilya. Sa panahon din ng pamanhikan ang pagbibigay ng lalaki ng dote/dowry o bigay kaya para sa pamilya ng babae. Ang dote ay maaring mga hayop tulad kalabaw, kabayo, damit pangkasal, mahahalagang bagay o di kaya` naman ay salapi.

Matapos ang pamamanhikan, maiiwan ang lalaki sa bahay ng babae upang magsilbi. Tinatawag itong *pangagad* (panghihinuyo). Gagawin ng lalaki ang mga gawaing maaring makatulong sa pamilya ng ginigiliw. Magsisibak ng kahoy, sasalok ng tubig, tutulong sa mga gawain sa bukid, at iba. Sa bahaging ito maingat na inoobserbahan ng pamilya ang babae ang magiging mapapangasawa sa kanilang anak. Bagaman nasa tahanan ng babae ang lalaki, hindi sila maaring matulog ng magkasiping. Mananatili ang lalaki hanggang sa huling isang linggo bago ang kasalan.

Sa bisperas ng kasal na tinatawag na *likod-likod* o ang huling araw at gabi bago ang kaganapan na itinuturing na pinakaabalang araw sapagkat sa araw na ito inihanda ang mga pagkain at kagamitan para sa kasal. Sa bahaging ito nagtulungan ang dalawang panig sa lahat ng mga gawain. Nakaugalian

ng taga-St. Bernard na habang abala sa paghahanda nag-iinuman, nasasayawan at nagkakaroon ng katuwaan ang nagsitulong sa paghahanda.

Ayon sa mga kalahok isa sa mga kaugalian ng dalawang nag-iibigan sa tuwing sila ay ikakasal ay magsuot ng traje de boda ang mga babae at barong tagalog o tuxedo. Kahit gaano ka simple ang isang damit basta *gown* na puti. Puti ang kulay ng *gown* na ibig sabihin *purity* o *virgin,* paliwanag ng mga kalahok.

Sa mga pahayag sa itaas ipinakita rito na ang kasal ay isa sa mga kultura ng Pilipinas na pinahalagahan parin ng mga Pilipino hanggang sa kasalukuyan, dahil ang mga inilarawan ng mga kalahok ay nanatili pa rin sa kasalukuyan. Kahit may ilang proseso ay hindi na sinunod pero ang tradisyon na kasal ay mahigpit pa rin ipinatupad sa bawat pamilya.

Ang inilahad na proseso o hakbang ng pagpapakasal ng St. Bernard ay may kaugnayan sa pahayag nina Cleghorn (2016) at Gautam (2020), na ang bawat lugar at tribo ng Asya ay may kanyang mga pamamaraan, kultura at kaugalian ng pagpapakasal ang pamanhikan ay karamihang nanatili pa rin sa kasalukuyan at marami sa mga proseso ay unti-unti ng nawawala. Iminungkahi ni Guzman (2020), na ang kultura at tradisyon ng mga Pilipino tulad sa mga hakbang ng pagpapakasal ay naging *indanger* dahil sa impluwensiya ng *mass media*. Ito rin ang pahayag ng mga kalahok na marami sa mga kaugalian ng pagpapakasal ay hindi na sinunod sa mga bagong henerasyon ng St. Bernard.

*Pista*

Ang pista ay ipinagdiwang taon-taon sa isang lugar bilang pagpaparangal ng santo. Isa ito sa mga tradisyon ng St. Bernard na taon-taong ipinagdiwang sa bawat barangay. Ang pista ay napabilang sa pagpapahalagang ispiritwal dahil ipinakita rito ang matinding paniniwala ng mga tao sa santo ng kanilang lugar sa katunayan marami sa kanila ang may debosyon sila na santo. Ayon sa mga kalahok na tinanong ang mga dahilan kung bakit naganap ang pista, una ay bilang pagpapasalamat sa mga kanilang patron o santo dahil sa mabuting ani o mabuting nangyari sa kanilang lugar. Pangalawa ay pagpapasalamat sa santo sa biyaya at sa magandang kalusugan na mayroon sa buong taon. Kaya nakaugalian ng mga tao na paghandaan ang pista tulad ng pagpapalamuti sa bahay at paghahanda ng maraming pagkain bilang pasasalamat sa santo.

Ibinahagi ng mga kalahok na ang pista ay tradisyon ng mga taga-St. Bernard na nagpapalinang ng kulturang pagkabuklod-buklod ng pamilya. Dahil nakaugalian na tuwing pista ang mga kaanak na nagtrabaho sa malayong lugar ay mag-iipon ng pera para makauwi at makasama ang pamilya habang idinaraos ang pista. Ipinakita lamang sa resultang ito na talagang simbolo ng ating kultura bilang taga-Leyteňo ang mga pista. Ang kasiyahan at pagsasalamat ay ang punong dahilan ng pista at kultura natin bilang Pilipino. Iginiit ng mga kalahok na kung wala ang mga piyesta, magiging kulang ang kultura natin.

*Debosyon sa mga Santo*

Ang mga Leyteňo partikular ang bayan ng St. Bernard ay kilala bilang relihiyoso. Marami sa mga taga-Leyte ay may mga debosyon na santo. Katunayan batay sa mga personal na obserbasyon kung ang isang tao ay debosyon niya ang Sr. Sto. Niňo tuwing kapistahan ng ni Sr. Sto. Niňo maraming mga *devotees* ay pupunta sa ibang lugar kung nagpipista ang Sr. Sto. Niňo upang *mudagkut* kilala sa Filipino na magsindi ng kandila. Iilan pa sa mga taga-St. Bernard ay dadayo sa probinsiya ng Cebu tuwing ikatlong linggo ng Enero upang makipista ni Sr. Sto. Niňo. Ganoon ang matinding paniniwala ng taga-St. Bernard sa mga santong kanilang pinaniwalaan. Pinatunayan ito sa alamat ng Bolod-bolod na nagsabing *…sa ilang gidebosyon nga si Sr. Sto. Niño". (*…ang kanilang debosyon ay Sr. Sto. Niño). Ipinahayag din sa alamat ng Bantawon *Ang taga-Bantawon hugot ang ilang pagtuu sa Ginoo ug sa mga santo nga diin sa tanang nilang gimbuhaton mag-ampo sila usa pa magsugod sa pagtrabahu".*

Ibinahagi ng mga kalahok na bilang magpapatunay na *devotee* sila sa isang partikular magsusuot sila ng damit na kakulay ng santo pinanampalataya. Halimbawa kapag ang Sr. Antonio Padua ang kanilang debosyon kulang *brown* ang kanilang damit. Malinaw na ipinakita sa mga alamat ng St. Bernard na noon pa man ang mga Leyteňo ay may mga debosyon. Tradisyon ng mga taga-Leyte na tuwing magpipista ang patron na kanilang debosyon ipaparada o nililibot ang santo. Ang mga pahayag ng kalahok batay sa kanilang matinding paniniwala sa mga santo ay personal na nasaksihan ng mananaliksik dahil kahit sa banta ng COVID marami paring mga devotees ay *mudagkot* o magtirik ng kandila dahil sa matindi nilang pagtitiwala na hindi sila pabayaan. Ang mga pahayag na ito ay nagpapatunay na ang mga tao sa St. Bernard ay may pagpapahalaga sa mga ispiritwal na kultura.

*Paniniwala sa mga Engkanto at mga Ritwal*

Tulad ng ibang lugar ng Pilipinas ang probinsiya ng Southern Leyte partikular ang bayan ng St. Bernard puno ng mga paniniwala sa mga engkanto na kilala sa bisaya na *di ingun nato* at mga ritwal. Noong unang panahon ayon sa mga kalahok bawat kilos ng tao ay may malaking ginagampanan ang *di ingun nato.* Tulad halimbawa kapag mga ikakasal at kakailanganin sa bahay pumunta ang mga tao sa punongkahoy na pinaniniwalaan nila na doon nakatira ang engkanto upang manghiram ng mga kagamitan. Ibinahagi pa ng mga kalahok na kapag sasapit noon ang alas sais wala ng pwedeng maglalaro dahil baka mabangga ang mga *di ingun nato* at magagalit. Sa tuwing may hindi magandang naramdaman ang mga tao noon, pumunta ang mga kaanak sa malaking punongkahoy upang gumawa ng ritwal at doon sila manalangin para gagaling ang may sakit.

Kapag may puputuling kahoy noon, para hindi magalit ang mga *di ingun nato* manalangin muna ang mga tao sa puno na ito ang paraan ng pagpapaalam sa mga engkanto na putulin ang kahoy upang hindi sila magalit at walang magkakasakit. Ang mga na pahayag mula sa iba't ibang alamat ay nagpapatunay na ang mga taga-St. Bernard ay may pagpapahalagang ispiritwal. Tulad sa alamat ng Bantawon "*…..namujung mga higante na namuju sa dakung bato. Kining higante gikahadlukan ni sa mga tawo". (*…ang mga higante na nakatira sa malaking bato. Ang higanting ito ay kinatatakutan sa mga tao). "*Ila ning gibuhat kay nagatuu sila na ang mga nagpujo sa humajan sama sa mga diwata makatabang ni arun adunay silay abundang tubo sa humay".*

Ipinahiwatig lamang ito na ang mga tao noon ay malaki rin ang kanilang paniniwala na ang mga engkanto ay tumulong sa kanilang pangangailangan. Ipinakita lamang ito na noon paman ang mga tao ay relihiyoso dahil kahit engkanto na pinaniniwalaan nilang makaligtas at makatulong sa kanilang buhay mananalangin muna sila sa mga mga kweba, punongkahoy at sa malaking bato bago sila mag-umpisa sa kanilang trabaho.

*Araw ng mga Patay*

Likas sa mga Pilipino ang pagiging relihiyoso (Sestoso at Madula (2019). Isa sa mga nagpapatunay nito tuwing araw ng mga patay. Hindi mawawala sa kultura ng mga Pilipino lalo na ang taga-St. Bernard na pupunta ang mga kaanak sa sementeryo upang magsindi ng kandila sa mga namatay na kaanak at kamag-anak at hindi rin nawawala ang pag-aalay ng misa. Isusulat sa sobre ang mga pangalan ng mga kaanak at kamag-anak at nilagyang pera at ito ay babasahin ng mga namumuno sa simbahan bago umpisahan ang mesa.

Ang kaugaliang ito ay nanatili parin sa kasalukuyan dahil batay sa personal na obserbasyon ay ginagawa ito sa Nobyembre 1 at 2. Ibinahagi ng mga kalahok na sa mga petsang ito gagawa sila ng diskarte na makapera para makapunta sa bayan at makapunta sa menteryo. Idinagdag pa ng mga kalahok na sa araw ng mga patay noong wala pang pandemya ang mga kaanak nilang na nandoon sa malayo ay uuwi sa kanilang lugar para personal silang makatirik ng kandila sa kanilang mga kaanak, dahil naniniwala sila na ang mga kaluluwa ay tumutulong sa pagbabantay sa kanilang araw-araw na pakikipagsapalaran. Kaya magsikap sila na makabisita sa puntod sa kanilang mga kaanak. Ang pahayag na ito ay nagpapahiwatig na sa pagpapahalagang ito hindi lamang ang pagpapahalagang ispiritwal ang napapahalagahan, pinahalagahan din dito ang pagpapahalaga sa bawat miyembro ng pamilya.

*Mahal na araw*

Kilala ang mga Pilipino bilang mga relihiyosong tao at may malakas na relihiyosong tradisyon. Makikita ang pagpapahalaga ng mga Pilipino sa relihiyon sa kanilang mga marubdob na pagsunod sa mga dapat na gawing panrelihiyon na nagpapakita sa kahalagahan ng pananampalataya sa kanilang buhay (Yabut, 2019). Ang pahayag na ito ay pinatunayan sa resulta ng pag-aaral na ito. Makikita sa talahanayan na ang mga mamamayan ng St. Bernard ay binigyan nila ng pagpapahalaga at respeto sa araw ng Mahal na Araw. Tulad ng pahayag mula sa alamat ng Libas na nagsabing "*Nabatasan pud dinhi na sa panahon sa kwaresma dili manggawas ang mga tawu isip respeto sa Ginoo. Buhaton sa mga tawo niining panahuna ang mag-ampo".* (Nakaugalian din na sa panahon ng mahal na araw hindi na lalabas ang mga tao bilang respeto sa sakripisyo ng Panginoon. Ang gagawin ng mga tao ay manalangin).

Sa buong taon, samut- saring mga tradisyong panrelihiyon ang nakagawian ng taga-St. Bernard katulad ng Mahal na Araw. Makikita sa alamat ng Libas at Mag-atas na ang mahal na araw ay itinuturing nilang banal na araw dahil lahat na mga gawain ay ipinagliban bilang pagrerespeto sa Panginoon. Sa mga linggong partikular ang *lunes santo, martes santo at miyerkules santo* iniiwasan ang mga mabibigat na gawain at ang *huwebes santo* at biyernes santo halos hindi lalabas ang mga tao dahil ang tanging ginawa nila ay pagdarasal sa loob ng bahay. Iniiwasan nilang kumain ng marami at bawal magpatugtug at tumawa nang malakas dahil kailangang sumasabay ang mga tao sa mga hirap at pagdurusa ng ating Panginoon. Lalabas ang mga tao tuwing hapon upang magsimba. Ayon sa mga kalahok, tuwing mahal na araw abala ang mga tao sa mga gawaing ispiritwal paraan ito sa pagsasakripisyo para mailigtas sa lahat ng mga kasal-anan.

Nakaugat na sa kulturang Pilipino ang mga paniniwala sa mga engkanto. Ang mga taga-St. Bernard ay naniniwala na may makapangyarihan na makapagpagamot ang engkanto sa mga may karamdaman at nagbibigay rin sila ng mga karamdaman kapag sila ay nasasaktan. Dahil sa paniniwala ng mga tao, sila ay sinasamba sa pamamagitan ng pagbuo ng ritwal at pag-alay ng pagkain. Kahit sa ngayon na nasa tayo sa mga pagbabago may iilan pa ring taga- St. Bernard ay naniniwala pa rin sa mga engkanto. Ito ay tradisyon na, na mahirap iwaglit sa isipan ng taga-St. Bernard, dagdag pa ng mga kalahok. Sa mga ibinahagi ng mga kalahok ang tradisyon at ang kaugalian ito ay maituturing buhay na buhay parin sa taga-St. Bernard na nakaugat sa isipan ng mga tao. Ang mananaliksik bilang isang guro sa panitikan ay nakapagtanto na ang mga kwentong bayan ay naglalaman ng mga istorya tungkol sa mga nakasanayan sa buhay ng mga tao noong unang panahon kahit isang simpling kwento lamang ito.

Ang mga Pilipino ay kilala sa pagiging relihiyoso kaya *matindi ang ating paniniwala sa Panginoon.* Isa ito sa mga natuklasan sa mga sinuring kwentong bayan ng St. Bernard. Makikita sa Talahanayan 3 na lahat ng mga pagsubok ng taga-St. Bernard tulad sa mga kalamidad, sa pamumuhay, at iba pang pagsubok sa buhay pagrorosaryo at pagdarasal sa Panginoon ang tanging ginawa dahil

matindi ang kanilang tiwala na hindi sila pababayaan ng Panginoon. Ibig sabihin ang kwentong sinuri ay naglalarawan kung anong uring tao ang taga-St. Bernard. Ang paglalarawang ito ay pinatunayan ito ng mananaliksik sa kasalukuyang sitwasyon ng St. Bernard. Maraming taga-St. Bernard isa na rito ang mga magulang at kamag-anak ng mananaliksik na nakaligtas sila sa krisis ng pandemya dahil sa kanilang pananalig sa Panginoon.

Ang *debosyon o panata* sa mga santo ay tumagal at sumulong sa kultura ng Pilipinas sa pagdaan ng mga siglo lalo na sa rehiyon ng Leyte. Kilala ang taga-Southern Leyte na may maraming deboto tulad ng deboto o paniniwala sa batang Hesus si Sr. Sto Niño, Mahal na birhen, San Roque, at marami pa. Ang mga taong namanata ng mga santo ay pinuntahan o binabalikan nila tuwing kapistahan upang magpasalamat sa ipinagkaloob na biyaya.

Ang pagkakaroon ng deboto o panata ng santo ay isang kulturang kinagisnan na mula noon mapahanggang ngayon ang paniniwala na may himala ang santo sa pamamagitan ng pagtirik ng kandila, paghalik sa santo, pagluhod mula sa pintuan ng simbahan patungo sa altar, at pagrorosaryo sa tulong ng mandadarasal ay ginagawa pa rin sa kasalukuyan.

Ipinakita na ang mga kwento-kwento ay nakapagpakita na isang sulyap sa ispiritwalidad ng mga taga-St. Bernard. Ang mga panatang ipinahayag ay tunay na isang personal na ispiritwalidad at hindi lamang nakikita sa mga panahon ng problema o krisis. Ito ay isang pang-araw-araw na karanasan ng sagrado kung saan palaging nagpapasalamat ang mga tao sa mga santo para sa lahat ng mga biyaya na kanilang nakamtan at humihiling na palagi silang aalagaan. At ang likas na pagiging relihiyoso ng mga taga-St. Bernard ay bahagi ng katauhan at namana sa mga ninuno. Kilala ang mga Pilipino sa pagiging relihiyoso. Malaki ang pananalig natin sa Panginoon. Sa pananalig na ito matatakot tayong makalalabag sa kanyang kagustuhan kaya kapag may dalawang nag-iibigan na nagsasama ng ilang taon na hindi pa nakakasal gagawa ng paraan ang mga magulang na *makasal* ang dalawa dahil labag ito sa kagustuhan ng mga magulang.

Nakaugalian ng mga taga-St. Bernard na anumang mga problema sa buhay ay mataimtim na manalangin sa Panginoon. Katunayan sa matinding paniniwala ng mga tao sa Panginoon magsasakripisyo sa gumising ng umaga para sasali sa prusisyon lalo na kapag buwan ng Oktubre na sasali sa prusisyon tuwing madaling araw at buwan ng Disyembre para makilahok sa *messa de galio*. Sa ipinakita na resulta, ipinahiwatig na ang mga tao ay may malaking paniniwala sa Panginoon sa pakikipaglaban sa anumang hamon sa buhay. Naniniwala ang mga tao na anumang dagok na dumating sa buhay sa kanilang ay hindi sila pababayaan ng Panginoon o kayaý sa mga engkantong kanilang pinaniniwalaan.

**Pagpapahalagang Moral**

Ang pagpapahalagang moral ay tumutukoy sa kabutihan o kalinisan ng ugali, kalinisang-asal at angkop na kaasalan o pag-uugali na nauukol sa mabuti at matuwid na kaugalian.

Kaugnay nito ipinaliwanag ni Borong (2021) na maraming literatura ang makatutulong sa makapaglinang sa pagpapaganda ng moralidad sa bawat inidibidwal. Ito ay pinatunayan sa resultang ito. Makikita sa talahanayan na ang alamat ng St. Bernard ay puno ng mga pagpapahalagang moral partikular sa *pagkakaisa, mapagbigay, positibo sa buhay, makabayan, magalang, masipag, close family ties, panliligaw, matulungin* at *mahilig sa pamamasyal* na pinatunayan sa paglalahad sa ibaba.

*Pagkakaisa*

Ang pagkakaisa ay isang kaugaliang naglalayon ng iisang puso, iisang damdamin at iisang mithiin. Ito ay ang pagkakaisa ay pagtutulungan, pagsasama-sama, pagkakatugma-tugma, ang isang pamayanan o isang grupo na mayroong pagkakaisa ay nagpapakita na mayroon silang paggalang at respeto sa bawat isa. Ang pagkakaisa ay isa sa mga nangunguna sa mga pagpapahalagang moral na nakikita sa mga alamat ng St. Bernard. Ang mga kalahok ay naniniwalang ang pagkakaisa ay isang *values* o kultura na dapat taglayin ng bawat mag-aaral lalo na sa taga St. Bernard. Ang mananaliksik bilang isang guro ay nagagalak sa resultang ito dahil sa daming sitwasyong inihanda nanaig ang temang pagkakaisa. Ito ay pinatunayan sa alamat ng Bantawon na nagsabing "Sa nanglabay na mga katuigan ang Bantawon, usa sa mga mauswagon na baryo sa St. Bernard tungod sa pagtinabangay sa mga tawu". (Sa nakaraan na mga taon ang Bantawon ay isa sa mga naging maunlad na barangay sa bayan ng St. Bernard dahil sa pagtutulungan ng mga tao).

Nagkakaroon ng pagkabahala ang iilang mga kalahok partikular sa barangay Bolod-bolod na nagsabing sa kasalukuyan ang moralidad na pinagkaingatan ng mga ninuno noon na ayaw nilang madungisan ngayon, unti-unti nang mawaglit at pinalitan na dahil sa impluwensiya ng mga dayuhan. Nawala ang kagandahang-asal, wastong pag-uugali, pagkawasak ng tahanan at pagkaligaw ng landas ng mga kabataan. Ang pahayag ng kalahok na ito ay nakapagtanto sa mananaliksik na bilang tagahubog ay may tungkulin sa pagpapalinang at paghasik ng magandang kaugalian o kultura sa mga mag-aaral na iniwan ng mga ninunong taga-St. Bernard. Umaasa ang mananaliksik na ang awtput na nabuo ay makatulong sa paghasik sa bawat isipan ng mga mag-aaral ang magagandang kaugalian na dapat mapanatili sa bawat puso ng taga-St. Bernard lalo ang kaugalian *pagkakaisa.*

Ayon kay Duran (2016), ang kaugaliang pagkakaisa ay napakahalagang dapat panatilihin saan man tayo naroroon. Katulad ng kasabihan "*United we stand, Divided we fall*" kapag tayo ay nagkakaisa malaki ang magagawa nito upang mabigyang ng proteksiyon, matiwasay at mapaunlad ang isang

lugar. Ipinahiwatig lamang dito na ang pagpapairal ng pagkakaisa sa ating lahat ay malaki ang maitutulong upang mapaganda at siguradong maiangat ang bayan nang sa ganoon maging kahanay sa mga progresibong bayan hindi lamang sa lalawigan Southern Leyte kundi sa buong rehiyon 8.

*Matulungin at Mapagbigay*

Kung ang ibang lugar ang tawag ng kanilang pagtutulungan ay *bayanihan at ajunay* ang St. Bernard ang tawag sa kanila ay INIGSOONAY. Ang *inigsoonay* sa St. Bernad ay isang pagpapahalagang moral na maipagmamalaki sa bayan dahil nakatutulong ito sa mamamayan na mapagaan ang kanilang mga gawain at ganoon din sa mga pinansiyal na problema. Tulad halimbawa na kapag may magpagawa ng bahay ang isang pamilya at walang sapat na *budget* ito ay pagtutulungan sa mga kapitbahay. Ganoon din kapag may mamamatay at may ikakasal ang mga kaanak, kamag-anak at ang iilang mga kapitbahay na maykaya ay magbigay ng pinansiyal. Ang kaugaliang ito ay nanatili pa sa kasalukuyan na ayon sa mga kalahok ito ay kaugaliang maipagmamalaki nila sa ibang bayan ng Southern Leyte. Narito ang mga iilang mga pahayag na nagpapatunay sa kanilang kaugaliang *inigsoonay*; "*Nagtinabangay ang pamilya sa laki sa mga buhaton, mao ni hinungdan na di maglisod ang pamilya sa laki sa mga buhaton para magmalampuson ang pagahimuung kasal".* (Nagtulungan ang mga kaanak at kamag-anak ng lalaki sa mga gawain, ito ang dahilan kung bakit hindi mahihirapan ang pamilya ng lalaki). *Dali ra ang pag-aasenso ning baryuha tungod nagtinabangay ang mga katawhan dinhi".* (Mabilis ang pag-unlad ng kanilang barangay dahil nagkaisa ang mga tao rito), mula sa alamat ng Libas.

Ayon sa mga kalahok, sa kasalukuyan nakaugalian na nila na kapag ang kanilang mga kapitbahay o mga kababayan ay nakaranas ng kahirapan lalo na kapag may sakuna at kalamidad awtomatikong mag-ambag ambag sila ng pinansiyal o anumang pwedeng maitulong sa mga kababayan. Pinatunayan ito noong *Guinsaugon tragedy* na kahit mga mahihirap na taga-St. Bernard sinikap na makatulong sa mga naulilang mga taga-Guinsaugon. Pera, bigas, de-lata, damit, kamote, saging, at iba pa ay nagbigay ang mga karatig barangay at bayan sa mga biktima.

*Positibo sa buhay*

Ayon kay Labadan (2018), upang magtagumpay tayo sa ating mga gawain araw-araw, simulan ang araw na may positibong pananaw. Ayon sa mga kalahok ng pag-aaral na ito, sa kabila ng kanilang pagsubok sa buhay lalo na noong 2006 nang nangyari ang Guinsaugon tragedy kahit masakit sa kanilang kalooban na marami sa kanila ang nawalan ng mahal sa buhay at sa kasalukuyang nangyaring pandemya na marami sa kanilang mga kaanak na nawalan ng hanapbuhay na ito ang dahilan kung bakit naging apektado ang kanilang buhay. Sa kabila ng pangyayaring ito nanatiling positibo sila na makaahon sa kahirapan sa tulong ng Panginoon.

Ipinaliwanag ng mga kalahok na kung hindi pa sila nagkaroon ng ganitong ugali (positibo sa buhay) hindi malampasan ang paghahasik ng mga NPA noon sa kanilang lugar, ang malalakas na bagyo na halos maubos ang kanilang mga ari-arian at kabuhayan at iba pang mga kalamidad.

Kahit halos nawalan na sila ng pag-asa pero pinanatili nilang matapang at positibong umaasa na makaahon sa tulong ng Panginoon. Nangangahulugan na ang kanilang kulturang pagiging palaban sa buhay ay kaugaliang dapat maipagmalaki at maipreserba sa mga bagong henerasyon dahil isa itong magandang instrumento upang magtagumpay sa buhay tulad ng nangyari sa mga taga-St. Bernard na nakaahon sa mga nangyaring pagsubok sa kanilang bayan.

***Temang Makabayan***

Ang pagpapahalagang kultural na makabayan ay tumutukoy sa pagpapahalaga o nagpapakita ng pagmamahal sa bayan tulad ng ipaglalaban ang isang lugar sa mga gustong sumakop nito. Ang resultang ipinakita sa mga alamat ay nakasasaya ng puso ng mananaliksik bilang isang guro sa wika at panitikan dahil may iilang mga lokal na panitikan ay nagpapakita ng pagkamabayan. Sa pagsusuri at napakinggan sa mga kalahok nakagagaan sa damdamin nang sinabi ng mga kalahok ang "*Sa panahon sa ikaduhang gubat sa kalibutan may mga lumad o lumulupyo nga nakigbisug arun sa paglaban sa ilang pinalanggang nasud nga Pilipinhon ug nahimong bayani ".* (Noong panahon ng ikalawang digmaan may mga tao na matapang na nakipaglaban), mula sa alamat ng Malibago.

Sa obserbasyon at sa ilang taong pagtuturo napansin na ang pagkamakabayan ay masasabing naghihingalo sa pagpapahalaga ng mga kabataan. Pinatunayan ito ng mananaliksik na sa tuwing magpagawa ng mga komposisyon walang bakas na makikita ang bahid ng pagkamabayan na ginawa ng mga mag-aaral.

Nangangahulugan na ang alamat na sinuri at nalikom ay malaking pakinabang bilang suplementaryong materyal sa pagtuturo dahil magagamit ito bilang motibasyon. Maipapakita rito kung paano ipinaglaban ng mga tao noon ang lugar ng St. Bernard. Sa paraang ito makilala ng mga mag-aaral na taga-St. Bernard kung paano nagkaisa ang mga tao noon para makamtam ang kapayapaan at nagtagumpay ang mga tao noon na maangkin ang kanilang sariling bayan.

*Magalang*

Ang ugaling pagiging magalang ng mga taga-St. Bernard ay isang magandang katangian na dapat maipreserba at maipagmalaki. Ang pagiging magalang ng taga-St. Bernard ay pinatunayan sa alamat ng Bantawon na nagsabing "*Naandan sa mga batan-on na kung makahinagbu sila ug mga tiguwang mutahud sila sama sa pag-ingun "bii ya, bii yo".*

(Nakaugalian ng mga kabataan na sa tuwing magkasalubong sila ng matanda ay magbigay galang sa pamamagitan ng pagsabi ng magandang gabi po).

Isang magandang pag-uugali ng mga taga-St. Bernard ay ang paghalik sa kamay o pagmamano sa matatanda at sa mga nakatatandang kapatid at pagtawag ng Ya, Yo, Mano, Manang at iba pa. Ang mga ito ay karaniwang ginagawa ng mga tao noon at hanggang kasalukuyan. Nilinaw ng mga kalahok na kapag ang kabataan ngayon ay hindi magmano ay sabihin nilang walang galang ang apektado ang imahe ng mga magulang dahil masasabi na hindi sila tinuruan. Binahagi ng kalahok ng ang kanyang mga anak ay tinuruan na magmamano sa tuwing makikita ang kanilang ninang at ninong, mga nakatandang tiyahin at iba pang kaanak kahit saan sila magkita. Ang kulturang ito ay sinunod ng kanyang mga anak at itinuro sa kanilang mga anak din.

Ang pagpapahalagang kultural na ito ay isang kultura na dapat pagyamanin at maangkin ng bawat kabataan hindi lamang sa bayan ng St. Bernard pati na rin sa buong Southern Leyte dahil naniniwala ang mananaliksik na kung ang ugali o saloobing ito ay instrumento na magkakaroon ng isang maunlad at mapayapang bayan.

***Masipag***

Ang pagpapahalagang kultural sa pagiging masipag ay lubos na kahanga-hanga sa ating taga-Southern Leyteno. Dito nag-uugat ang pagpapahalaga ng tao sa ginagawa araw-araw. Sa kabila ng kahirapan ng iilang mga taga-Southern Leyte partikular ang bayan ng St. Bernard ay maraming mga propesyonal bunga sa pagsisikap ng mga magulang. Likas ang taga-St. Bernard na masisipag. Ito ay pinatunayan sa pahayag ng mga taga-Himatagon nagkakaroon ng maraming punongkahoy at prutas. (*Napalibutan kini ug daghang mga kahoy, prutas, ug uban pang nagkalain-lain tanum*).

Ang kasipagan ng mga taga-Himatagon ay pinatunayan sa nangyaring pandemya. Para lamang makaahon ang ilang nawalan ng trabaho maraming mga kapitbahay at mga kakilalang nagbibinta ng produkto sa pamamagitan ng *online* at ang iilan ay naglalako ng mga pagkain para lamang mabuhay. Ayon sa mga kalahok ang kasipagan ng tao ay instrumento para tayo ay magtagumpay. Sa katunayan ibinahagi ng isa sa mga kalahok na dahil sa pagsisipag ng kanilang anak, tinapos ang kurso at nagtagumpay bilang isang *working students* napaaral ang kanyang mga kapatid at unti-unti silang naahon sa hirap.

Ibinahagi rin sa isa sa mga kalahok na nagkakaroon sila ng malawak na taniman ng prutas, mga niyog at palay dahil sa pagsisipag ng kanilang mga magulang.

Ang pahayag ng iilang mga alamat nagpapahihiwatig na ang pagiging masipag ay magsisilbing daan tungo sa abot-kamay na tagumpay. Ang kasipagan ay magsisilbing yaman sa bayan ng St. Bernard. Ang tagumpay ng tao ay tagumpay ng taga-St. Bernard.

***Pagkabuklod-buklod ng Pamilya (Close Family Ties)***

Marami sa mga kalahok ng pag-aaral na ito ang nagsabing kasama ang kanilang mga, anak, hipag at mga apo. Ang pahayag na ito ay nagpakilala na isa sa mga kultura ng St. Bernard ay ang pagkabuklod-buklod ng pamilya. Isa itong pagpapahalaga na kilala ang mga Pilipino isa na nito ang lalawigan ng Southern Leyte na nagreresulta sa pinalawak na estruktura ng pamilya. Ito ay dahil naniniwala ang mga Leyteňo na ang mga pamilya ay dapat magkasama at tumulong sa isa't isa.

Habang isinalaysay ng mga kalahok na mula sa lugar ng Magatas na nakaugalian nila kapag may problema ang pamilya at mga kaanak ay hindi nila kayang talikuran. Ginagawa ng pamilya at mga kamag-anak ang lahat ng kanilang makakaya upang suportahan ang isa't isa sa panahon ng kahirapan. Tulad ng pagtulong sa kung ang isang kamag-anak ay ikinasal, maging sa mga gastusin o trabaho na kaakibat ng okasyon. Ganoon din sa mga ispesyal na okasyon tulad ng kaarawan, pista, death anniversary at iba pa ay dadaluhan at uuwi mula sa malayong lugar ang mga kaanak para lamang makasama ang pamilya. Isa pang nakita ng mananaliksik na ang bayan ng St. Bernard ay nakabuklod-buklod ang pamilya, napansin na pinahahalagahan ng mga magulang ang kanilang mga anak sa katunayan sinuportahan nila kahit sila ay may mga pamilya na. Ito ay personal na nasaksihan ng mananaliksik ng naabutan ng mananaliksik na ang anak ay bumisita sa kanilang ina na nagkataon na dinala ang mananaliksik ng *key informant* nang umuwi ang anak sinabi ng ama "*pagda ug bugas ug lagutmon (pagdala ng bigas at mga kamote kahoy)".*

***Panliligaw***

Mapapansin sa mga alamat na marami ang ipinahayag doon na pormal na liligawan ng lalaki ang babaeng kanilang pinupusuan. Tulad sa pahayag ng alamat ng Bantawon na nagsabing "*Himuun ang pagpanguyab suud sa bay sa baje. Usa pa manguyab ang laki mananghid sa, sa mga ginikanan sa baje. Nabatasan sa mga baje na bisan ganahan sija sa laki dili ni nija sugton. Ija sang pabalik-balikon ang laki para ijang magsukod kung tinuud ang ijang gibati. Dili pwede kaniadto na maghawiray ug kamut ang manag-uyab".* (Gagawin ang panliligaw sa loob ng bahay ng babae. Bago gagawin ang panliligaw magpaalam muna ang lalaki sa mga magulang na babae na siya ay manligaw sa kanilang anak. Nakaugalian noon na kahit ang babae ay mas gusto sa lalaki ay hindi nila sasagutin agad. Kailangang bumalik uli ang lalaki sa bahay ng babae kinabukasan o kaya'y kahit kailan saka pa sasagutin. Hindi pwede magkahawak ng mga kamay ang magkasintahan noon).

Isa sa mga magandang kulturang nakita ng mananaliksik ay nang sinabi ng kalahok na lalaki na kailangan pa nilang manunuyo at ang kanilang panliligaw noon ay ginugulan nang mataas na oras at

panahon dahil kailangang maghintay ang lalaki kung kailan siya sasagutin. Nakaugalian ng mga babae na kahit gusto nila ang lalaki ay hindi nila agad sasagutin ang nanliligaw. Minsan may umaabot ng ilang linggo, ilang buwan o kaya naman ay ilang taon. Isa pang kapansin-pansin na kagandahan na kultura na panliligaw ng St. Bernard ay sa bahay mismo ng babae ipagtapat ang kanilang nararamdaman. At dati hindi basta-bastang magkahawak ang dalawang nagmamahalan o kahit akbayan man lamang ng lalaki ang babae o kaya naman ay ikandong ito. Dahil kapag makikita sila sa mga magulang ng babae na naghahawakan ng kamay ay ipapakasal sila agad.

Ang pagpapahalagang moral ay kilala bilang hanay ng mga kaugalian at kaugalian na ipinapadala ng lipunan sa indibidwal at kumakatawan sa mabuti o tamang paraan ng pagkilos. Ipinakilala ang mga halimbawa ng pagpapahalagang moral ang masayang pagtitipon sa kapwa, pagtulong ng anak sa ama, mapagbigay sa mga nangangailangan, pagpapahalaga sa bawat miyembro ng pamilya, maayos na tumanggap sa mga bisita, pagiging masipag, at marami pang pang iba. Ang mga nabanggit na halimbawa na pagpapahalagang moral ay ang nakikita o nakapaloob sa mga sinuring kwento-kwento.

Ang *pagtitipon* ay isa sa mga nakita sa pagpapahalagang moral. Sa pagsusuri lumalabas na noon paman ang mga tao ay nakaugalian na magkakaroon ng mga programa na ang mga programang ito ang daan na makakaroon na bagong kaibigan dahil sa programang ginawa magkatipon-tipon ang mga tao na posibling mula sa iba't ibang lugar. Ugali ng mga Pilipino lalo na ang taga-St. Bernard na palakaibigan.

Naniniwala ang mananaliksik na ang pagtitipon ay may maraming benepisyo, isa na rito ang pagbibigay-panahon upang matatag ang mabuting relasyon, pagkakaisa at matiwasay na relasyon sa iyong mga kapitbahay at sa komunidad. Binahagi ng mga kalahok na nakaugalian nila kapag bisperas ng kasal, may kaarawan, pista at pasko magtipon-tipon ang mga tao at hindi mawawala ang *sound system* o magpatugtog. Bahagi ng kasiyahan ang *sound system* dahil ang mga nagtitipon na mga kaanak, kamag-anak, mga kaibigan at mga kapitbahay ay ugaling magkakaroon ng sayawan. Sa ipinahayag sa mga kwento ay inilalarawan dito kung paano ang taga-St. Bernard, Southern Leyte na nakipag-ugnayan sa isa't isa bilang magkakaibigan, barkada at kapitbahay.

Isa sa mga kinikilalang katangian ng lipunang Pilipino ay ang pagkakaroon ng *strong family ties* o mahigpit na pagkabuklod-buklod ng pamilya. At dahil sa *strong family ties* sinikap ng mga anak na tumutulong sa mga gawain ay paghahanapbuhay sa mga magulang para matustusan ang pangangailangan sa pamilya at hindi magkahiwa-hiwalay. Ang isang magandang pagpapahalagang kultura ang ipinakita sa mga kwento ay ang *pagtulong ng anak sa mga magulang.*

Batay sa inilahad, malinaw na ang *folklore* ay naglalarawan ng isang magandang kaugalian ng mga sinaunang tao na dapat malaman sa mga kabataan lalo na sa kasalukuyan. Nasabi ito ng mananaliksik dahil sa personal na obserbasyon marami sa mga kabataan ngayon na wala ng pakialam sa mga gawaing batay dahil abala sa paglalaro ng Dota, ML, at iba pa. Marami rin sa mga kabataan na pagkatapos pinaaral sa mga magulang ay naging makasarili na. Napagtanto ng mananaliksik na bilang guro marami palang mga lokal na panitikan na naglalahad ng magandang kaugalian kung saan hindi ito napagtuunan ng pansin. Naniniwala ang mananaliksik na ang panitikang ito, kapag ibahagi sa mga mag-aaral posibling makuha ang kanilang damdamin dahil mula ito sa kanilang sariling bayan.

Isang kultura na nakikita sa mga kwento ay ang pagiging *mapagbigay* ng taga-St. Bernard. Malinaw na ipinakita sa kwentong Baboy-ihas ug ang Engkanto na nagsabing *"Ang maong karne gihatag o gihad ni tatay sa mga engkantong nagpuju didto. Kining mga engkantong gituuhan nga mauy nagbantay sa mga baboy-ihas."*(Ang karneng baboy ay inaalay sa mga engkantong nakatira. Ang engkanto ay pinaniniwalaan na nagbabantay sa mga *wild pig*). Nakaugalian noon na kapag may handaan ang pamilya ang mga kapitbahay na hindi makadalo ay binigyan ng ulam tulad ng pansit at iba pang ulam. Nakaugalian nila na kapag walang ulam at bigas na maisasaing ang kanilang kapitbahay ay binigyan din nila.

Isinalaysay ng kalahok na noon sa tuwing mangunguha sila ng dalag o mga lamang tubig sa ilog o sapa kapag marami silang nakukuha ay ibinahagi nila sa kanilang mga kapitbahay. Ganoon din ang gagawin ng kanilang kapitbahay na kapag may maraming silang nakuhang kamote mula sa kanilang kaingin ay magbigay rin sa kanila. Tinawag nila ito sa bisayang terminolohiya "*magbawus-bawus ra ug hatag*". Sa resultang ito masasabi na likas ang taga-St. Bernard na mapagbigay dahil sa iilan taong pagtuturo maraming mga taga-St. Bernard na handang magbigay o magdonate ng pinansiyal at materyal na bagay sa paaralang tinuruan lalo na kapag may mga proyekto. Isang itong magandang kalooban na dapat pagyamanin at panatilihin kung saan ang guro ang may malaking responsibilidad na maitala ang kaloobang ito sa puso at isipan ng bawat mag-aaral.

Isa sa mga magandang kulturang nakikita sa mga sinuring kwento ay ang *pagpapahalaga sa bawat miyembro ng pamilya.* Mayaman sa kulturang Pilipino ang ating bansa, kaya ganoon na lamang ang paghanga sa atin ng ibang lahi. Isa sa kulturang Pilipino na sumasalamin sa atin ay ang *strong family ties* o ang matibay na pagkabuklod-buklod ng pamilya. Ang pamilya ang itunuturing na pinakamaliit na yunit ng isang pamayaman. Dito unang nahuhulma ang pagkatao at personalidad ng bawat miyembro ng pamilya. Dito rin nahuhubog ang magandang relasyon sa bawat isa. Ang relasyon ng bawat miyembro ng isang pamilya ay napakahalaga sapagkat ito ang

pundasyon ng pakikipag-ugnayan ng bawat miyembro sa isa't isa. Kung magkakaroon ng magandang pundasyon hindi maipagkaila na ang bawat miyembro ay may pagmamalasakit at pagpapahalaga sa isa't isa.

Maliban sa mga magagandang lugar na makikita sa St. Bernard, kilala rin ito dahil sa ibang klaseng kabaitan tulad ng magiliw na tumatanggap ng mga bisita o *accommodating.* Hindi mo lang mararamdaman na bisita ka, mararamdaman mo na parang bahagi ka ng kanilang pamilya. Isa ito sa magandang katangiang mayroon ang taga-St. Bernard. Pinatunayan ito sa sipi sa kwentong San Roque Usa ka Milagraso. Ipinahayag sa talata 1 at pangungusap 6-7 "*Gipanguta ang tiguwang , mana asa man ka? wa nanumbaling ang baje. Nabalaka ang mga sundawu sa baje kay daghan ang mga NPA sa ilang lugar basin ug unsaon ang tiguwang".* (Tinanong ang matanda Ale saan ka pupunta? hindi siya pinansin ng matanda. Nag-alala ang mga sundalo sa babae dahil maraming NPA sa kanilang lugar baka kung ano ang kanilang gagawin). Ang pahayag na ito ay patunay na hindi lamang ang pagiging *hospitable* ang ipinakita ng mga tauhan sa kwento. Ipinakita rin dito ang pagiging mapag-alala sa mga bisita. Ugali ng taga-St. Bernard na sisiguraduhin ang kapakanan ng mga bisita sa kanilang lugar na ito ay pinatunayan sa kwento, na nag-alala ang mga sundalo sa bisitang babae.

Ayon kay Gabor (2021), ang maayos na pagtanggap sa mga bisita at pagmamalasakit ay mga kaugalian ng Leyte na maituturing na isang kayamanan na maipagmamalaki sa ibang bayan. Ang mga kaugaliang ito ay isa sa mga katangi-tanging katangian ng mga Leyteňo. Nakaugalian ng Leyte na kahit hindi mo kilala ay tatanggapin nang maayos lalo na kapag sila ay "dayu" ibig sabihin mga bisita.

Samakatuwid ang mga kwentong bayan ay mahalaga sa paghubog ng sangkamalayan ng kabataan ng St. Bernard. Ipinahiwatig na maraming gamit ang mga kwentong bayan lalo na sa mga bata para malinang ang mahusay na pagpapasya, mamulat sa ibang kultura, makapagdulot ng mabuting asal, mapahalagahan ang ibang tradisyon, tumuklas ng ibang pananaw tulad ng ipinahayag sa San Roque Usa ka Milagraso.

Mula sa resulta malinaw na ipinakita na ang kwentong bayan tulad ng kwento-kwento kahit ito ay bunga lamang sa guni-guni ng mga magulang at pang-aliw at pampatulog sa kanilang mga anak ay nagtataglay ng magandang mensahe. Ipinahiwatig lamang na ang kanilang imahinasyon o guni-guni ay nagtataglay ng mga katotohanan pangyayari batay sa kanilang sariling karanasan.

Sa mga pagpapahalagang moral na ipinakita ay nagpapahiwatig na ang mga magandang moral ng bayan ng St. Bernard ay nariyan parin at buhay na buhay na dapat ihasik sa puso't isipan ng mga mag-aaral.

**Pagpapahalagang Ekonomikal**

Ang pagpapahalagang ekonomikal ay tumutukoy sa estado ng pamumuhay at naglalarawan sa mga limitadong pinagkukunan ng pamumuhay. Sa bahaging ito napapaloob ang *edukasyon, pamumuhay, paniniwala partikular ang pamahiin, paggamot ng albularyo, pagtulong ng mga anak sa mga magulang sa paghahanapbuhay,* at *pamana.*

***Edukasyon***

Kultura ng mga taga-St. Bernard na mabigyan ng magandang edukasyon ang kanilang mga anak sa kabila ng kanilang kahirapan. Naniniwala sila na ang pagkakaroon ng magandang edukasyon ay daan ng kanilang kaginhawaan sa buhay. Dahil kultura ng mga taga St. Bernard na kapag makatapos ang kanilang anak sa pag-aaral maghahanap ng trabaho upang mapaaral ang kapatid nang sa ganoon makabawi sila sa kanilang mga magulang at mabigyan ng kaginhawaan. Ibig sabihin kapag mabigyan ng edukasyon ang kanilang mga anak, aangat ang kanilang ekonomikal na estado.

Isinama ito ng mananaliksik sa pagpapahalagang ekonomikal dahil sa pagpapaliwanag ng mga kalahok, ang pagbibigay edukasyon nila sa kanila ay itinuturing na pahirapan dahil nanagangailangan ito ng malaking halaga. Kaya ang ginawa ng ibang ina ay pumunta sa ibang lugar upang maghanap ng trabaho tulad na papasok bilang katulong, mag-aalaga ng bata, tindera, at iba pa para matustusan ang kanilang mga anak na nag-aaral. Nakaugalian din na ang pinapaaral na anak ay tutulong sa pamilya pagkatapos ng pag-aaral.

Sa pagpapaliwanag ng mga kalahok ay napagtanto ng mananaliksik na hindi lahat na mga magulang noon na may prinsipyo na kapag makatapos ng elementarya at hayskul ay kailangan ng pumunta sa Maynila upang maghanap ng trabaho para makatulong na sa mga magulang.

***Pamumuhay***

Sa bahaging ito ipinapakita kung paano binuhay ng mga tao ang kanilang pamilya noong unang panahon. Ang pangkabuhayan pambukid at pambayan ang nakitang nangungunang pagpapakitaan ng mga taga-St Bernard noong unang panahon. Ito ay pinatunayan sa pahayag mula sa iba't ibang alamat. Tulad sa alamat ng Bantawon "*Pangajam ug pag-uuma ang panginabuhian sa mga tawu dinhi".* (Pangunguha ng baboy ramo at pagsasaka ang hanapbuhay ng mga tao rito). Sa alamat ng Catmon "*Pag-uma ang panginabuhi sa mga tawu dinhi".* (Pagsasaka ang pamumuhay ng mga tao rito). At sa alamat ng Malibago "*Ang pangisda mauy sagad panginabuhian sa mga lumulupyo".* (Pangingisda ang kadalasang pamumuhay ng mga tao rito*).*

Ang resulta ay napagtanto ng mananaliksik na ang pagkakaroon ng malawak na sakahan ng St. Bernard ay bunga ito sa mga pagsisikap o kasipagan ng mga tao noong unang panahon. Ito ay pinatunayan sa alamat ng Bantawon, Catmon, Libas, Magatas, Magbacay, Sug-angon, Mahayag, Sta. Cruz, Atuyan at Ayahag na pagtatanim ng kamote, palay, puno, at iba ang pamumuhay. Ang pangangaso sa bukid ay

isa sa mga makikitang pangunahing pamumuhay rin noon ng taga-St. Bernard at ang panghuhuli ng lamang tubig tulad sa dagat at ilog o sapa ay tulung-tulong ang mga kaanak na mangunguha upang may maihahain sa kani-kanilang pamilya.

Sa resulta malinaw na ipinakita na sinasalamin sa alamat ang uri ng pamumuhay o hanapbuhay ng Leyteňo. Pinatunayan sa resultang ito na ang panitikan ay sumasalamin sa realidad ng estado ng lipunan. Sa kasalukuyan iilang mga kabataan na lamang ang nagpapahalaga sa pamumuhay ng pagsasaka, pangingisda at pangangaso. Ito ang dahilan kung bakit marami sa kanila ang nagsisikap upang makapagpatuloy sa kolehiyo upang maiwasan ang dating pamumuhay ng kanilang mga magulang. Makikita na sa uri ng pamumuhay na mayroon ang taga-St. Bernard ay nagpapahiwatig na ang Southern Leyteňo ay napakasipag para mabubuhay ng marangal ang kanilang mga anak. Ang taga-Leyte ay kilala sa larangan na ito kung saan ang trabahong pisikal ang batayan, likas na masipag ang Leyteňo sa katunayan maraming pupunta sa Manila na magtrabaho upang makatulong sa mga pamilya at maiahon sa kahirapan. Kilala rin ang mga Pilipino sa pagiging pagka*workaholic* (Gabor, 2021). Ang ipinakita sa mga alamat ay ang uri ng pamumuhay ng mga tao noon na hanggang sa kasalukuyan ay nanatili pa partikular ang pangingisda at pagsasaka.

***Paniniwala***

Ang mga paniniwala ay isa sa mga kultura na namana sa mga ninuno. Ang mga pahayag na ito ay patuloy pa ring isinasagawa sa karamihan sa kasalukuyan. Ang resultang ipinakita ay nagpapahiwatig na ang mga Pilipino partikular ang Southern Leyte ay nababalot ng maraming mga paniniwala. Halos lahat na gawain sa buhay ng tao ay may kaakibat na pamahiin na dapat sundin upang mapalayo sa kapahamakan. Sa resulta ng pagsusuri ang taga-St. Bernard ay niniwala sa mga engkanto, pamahiin sa kasal, sa patay, pasko at bagong taon, sa paghahanapbuhay, at marami pa. Ang paniniwalang ito partikular sa mga pamahiin ayon sa mga kalahok ay malaki ang naging impluwensiya nito sa kanilang buhay kahit sa kasalukuyan. Ipinaliwanag ng mga kalahok na ang hindi pagsunod sa mga pamahiin ay nagdudulot ng kamalasan o ng kasawian sa buhay.

Batay sa mga personal na obserbasyon ang mga paniniwala partikular sa mga pamahiing ibinahagi ng mga kalahok, may iilan na nawala na at marami pa ang nanatili pa sa kasalukuyan. Isa sa mga nanatiling mga pamahiin na personal na narinig ng mananaliksik sa mga magulang at mga kamag-anak ay ang ikakasal. Hindi maglalakbay sa malayo dahil ang mga ikakasal ay lalapitin sa disgrasya. Masasabing ang pagsunod ng mga paniniwala ay hindi ibig sabihin para lamang ito sa mga walang pinag-aralan, ang pagsunod nito ay nagpapakita ng pagpapahalaga sa kultura o kaugaliang mayroon ang isang lugar. Higit sa lahat ang pagsunod ng mga paniniwala partikular sa mga pamahiin ay pinaniniwalaan na makatulong na magkakaroon ng masaganang buhay.

***Paggamot ng Albularyo***

Ang paggamot ng albularyo sila ang nanggagamot na gumagamit ng mga halamang gamot at hindi sumasang-ayon sa medisina. Isinali ng mananaliksik ang paggamot ng albularyo sa pagpapahalagang ekonomikal dahil malinaw na inilahad sa alamat ng Bantawon at Magbacay na kapag may nararamdaman ang kanilang kamag-anak ay dali-dali nilang dalhin sa albularyo. Ipinaliwanag ng mga kalahok, tama, na isa ito sa kaugalian nila noon pero ang unang dahilan kung bakit lumapit sila sa albularyo ay dahil wala silang perang pampagamot sa doctor. Kaya marami sa kanila noon na kapag may hindi magandang silang nararamdaman noon ay nasa isip nila na sila ay *gibarang (kinulam)* at *nabujagan (naikanto).*

Binahagi nga mga kalahok sa bawat sakit na dumadapo namin noon ay may agad pumunta kami sa mga albularyo dahil malakas ang aming paniniwala noon na ang mga albularyo ay malakas o nakipag-ugnayan sa mga engkanto. Kadalasan ang mga maykaya kapag may nararamdaman ay pupunta sa hospital. Ang walang pera ay lumalapit sa mga albularyo bilang alternatibong manggagamot. Ang mga albularyo ay mura lamang ang bayad at minsan kung wala talagang pero mga manok, bigas at kamote ang pwedeng ibayad. Ipinaliwanag pa ng mga kalahok noon ay bantog o sikat ang mga albularyo lalo na sa mga maralita para sa kanilang panggagamit sa abot-kayang halaga.

Ipinakita rito na ang mga albularyo ay isa sa mga tradisyon sa Pilipinas na sinasangguni sa iba't ibang klase ng tao na may paniniwalang maaari itong makagamot sa kanilang karamdaman. Kaya ang *manghihilot* at *mananayhop* ay tinatangkalik pa sa kasalukuyan lalo na sa mga probinsiya dahil itinuturing itong sukatan ng tibay ng pananampalataya at tatag ng pananalig sa tagapalikha.

***Pagtulong ng mga Anak sa mga Magulang sa Paghahanapbuhay***

Isa sa mga kultura ng mga Pilipino na maipagmamalaki sa iba't ibang bansa ay ang pagtulong ng mga anak sa paghahanapbuhay sa kanilang mga magulang. Paraan ito para magaanan ang mga magulang sa paghahanapbuhay.

Ayon kay Carillo (2016), kahit saang sulok ng mundo, kilala ang Pilipinas hindi lang sa natatanging tanawin kundi maging sa magagandang katangian at kaugalian ng mga Pilipino. Isa sa mga natatanging kaugalian ay hindi paglimot ng mga anak sa pagtulong ng mga magulang. Sa katunayan nga marami sa mga Pilipino ang nagtratrabaho sa ibang lugar o bansa at buwan-buwan magpapadala ng pera sa mga magulang. Ang pahayag na ito ay may malaking kaugnayan sa resulta ng pagsusuri sa mga alamat ng St. Bernard. Ipinakita rito na awtomatikong tumulong ang anak sa pangangaso sa kanyang ama.

Tulad ng resultang ito makikita na malaki ang gampanin ng pamilya bilang pundasyon ng lipunan at bilang maimpluwensyang bahagi ng paghubog sa isang indibidwal. Sa pamamagitan ng pagsusuri ng mga sariling *folklore* nakapag-ambag ito ng kaalaman tungkol sa dinamika ng pamilyang Leyteňo at sa kulturang nakapaloob dito.

***Pamana***

Ang pamana ay isang kultura ng mga Pilipino na ito ay pinahahalagahan pa sa kasalukuyan tulad sa bayan ng St. Bernard. Makikita sa alamat sa Mag-atas, Carnaga, Mahayag at Sta. Cruz na pawang inilahad doon ang pagsisikap ng mga magulang para maipana sa mga anak. Ang mana ay isang kaloob ng karangalan at suporta na ibinibigay ng magulang sa kanyang mga anak. Kultura ng mga magulang na magsikap para pagdating ng panahon mayroon siyang magandang maipana sa kanyang mga anak. Ang edukasyon at mga ari-arian tulad ng lupa at iba't ibang mga mamahaling bagay ay isang magandang pamanang ibibigay ng mga magulang kapag sila ay mawawala sa mundo.

Sa pagpapahalagang ito ay ito ay napapaloob ang *paggamot ng albularyo* at *pamana.* Ang paggamot ng albularyo o paniniwala ng mga albularyo na kilala sa English na *faith healing.* Ito ay paggaling sa paniniwalang ang isang tao o lugar ay may abilidad na makapaggamot at makapagpagaling, na ang isang nilalang o bagay ay nakakapag-alis ng karamdaman o nakawawala ng anumang nararamdamang sakit sa pamamagitan ng koneksyon sa isang mataas na kapangyarihan. Ayon sa mga naniniwala sa *faith healing*, ang paggaling ay maaaring matamo sa pamamagitan ng pagdarasal o mga ritwal na nagtatawag ng presensiya ng kakaibang lakas at kapangyarihan para makapagpagaling.

Ipinahiwatig lamang na ang bawat panitikang naisulat ng mga manunulat ay may mga layuning makapaghubog sa pagkatao ng bawat mambabasa. Sa resultang ito at sa mga nakalap na mga *folklore* ay nakapagpagaan sa gawain ng mananaliksik dahil ang mga nakalap na mga kwento ay siyang gagamitin sa paghubog ng magandang kaugalian o *values* sa kanyang mga mag-aaral.

## CONCLUSION AT RECOMMENDATIONS

Ang mga *folklore* ng St. Bernard ay napapalooban ng mga pagpapahalagang kultural na sumasalamin sa mga pagkatao ng taga-St. Bernard na nanatiling buhay sa kanilang karanasan sa pang-araw-araw na nagsisilbing kaakuhan ng mga barangay nito. Batay sa resulta ng pag-aaral iminungkahi ng mananaliksik na magsagawa pa ng ibang pag-aaral na kahawig sa pananaliksik na ito sa iba pang bahagi ng Southern Leyte para may makukuha pang panitikan bukod sa mga alamat, mito, kwento-kwento, balak at awit upang madagdagan pa ang mga lokal na panitikan ng Southern Leyte. At ang namumuno ng departamento ng edukasyon kasama ang lokal na pamahalaan ng mga hakbangin na malikom ang mga lokal na panitikan upang maipreserba ang sariling pagkakilanlan.

## ACKNOWLEDGEMENT

Ang pananaliksik na ito ay naisakatuparan bilang bahagi tesis sa graduwadong pag-aaral ng Southern Leyte State University-Tomas Oppus sa programang MaEd-Filipino**.**

## REFERENCES

[1] Amtalao, J. at Demeterio, F. (2019). Bogwa: A cultural exploration of the Ifugao oral tradition. *MALAY,* 31 (2), pp. 84-102.

[2] Bantilo, M. (2019). Folklore in Laoang, Northern Samar: A culture-based curricular resource for educators. *Asia Pacific Journal of Multidisciplinary*, 7 (4), pp. 64-69.

[3] Borong, N. (2021). Southern Leyteño's folklore narratives on lifestyle and leisure. International Journal of Research Studies in Education, 10 (11). https://doi.10.5861/ijrse.2021.a022

[4] Carillo, K. (2016). *Ang konsepto ng pagpaparaya para sa panganay na anak sa isang pamilyang Pilipino*. Di- nailathalang tesis sa University of the Philippines Diliman Extension Program. Pampanga City

[5] Gautam, V. (2020). *The asian wedding: Rich in tradition and culture.* Retrieved from: https://www.lcarscom.net/the-asian-wedding-rich-intradition-and-culture/.

[6] Labadan, K. (2018). *Epekto ng positibong pananaw sa buhay*. https://pinasglobal.com/2018/09/pananaw-sa-buhay/

[7] Nhung, P. (2016). Folktales as a valuable rich cultural and linguistic resource to teach a foreign language to young Learners. *International Journal of Education, Culture and Society,* 1(1), pp. 23-28.